# Matutupad na panukalang Pinagwarasan (Basud)-Lanot (Mercedes) Access Road

Sa pangunguna ni Gobernador Edgardo A. Tallado kasama ang *Provincial Project Management and Implementing Unit (PMIU) for PRDP*, humarap sila sa *Regional Project Advisory Board (RPAB)* noong Hulyo 30, 2014 sa Villa Caceres, Naga City para sa panukalang proyektong *access road* ng Pinagwarasan–Lanot Road sa Bayan ng Mercedes na nagkakahalaga ng P219 milyon.

Nagtitiwala ang gobernador na ang kanyang panukalang proyekto ay makapapasa at mapopondohan dahil sa nailahad ng *PPMIU* na kanyang pinamumunuan ang kahalagahan ng proyekto at ito ay nararapat mapabilang sa mga proyektong popondohan sa ilalim ng *PRDP*. Mahusay, maayos at kumpletong naidetalye ng *PPMIU* ang lahat ng kailangan. Hindi biro ang ginawang preparasyon ng grupo para dito dahil sa marubdob na hangarin ng gobernador na matuloy ang kanyang panukalang proyekto.




**Inilalahad ni Gob. Edgardo A. Tallado ang proyektong access road ng Pinagwarasan – Lanot Road sa Bayan ng Basud Mercedes para mapondohan ng PRDP. Nasa larawan si DA RTD Ellen delos Santos at Shandy Hubilla- *PRPD Luzon B Project Coordinatorphoto by T. Licarte)***

Matapos ang *presentation* ng Camarines Norte, positibo ang tugon dito ng *Regional Program Advisory Board (RPAB)* na kinabibilangan ng mga kinatawan ng *DA, DENR, DTI, DAR* at iba pang ahensiya ng pamahalaan. Ang *RPAB* ang *endorsing board for PRDP* at sigurado nang ang *project proposal* ng pamahalaang panlalawigan ay ii-endorso nila sa *National Project Coordinating Office (NPCO).*

Ayon pa sa gobernador, hindi magtatagal ay makikita na nating kongkreto ang kalsadang Pinagwarasan-Lanot sa bayan ng Basud at Mercedes na matagal nang inaasam ng marami. Ipinagbigay-alam din na ang *access road* na ito ay isa lamang bahagi ng proyektong *PRDP*. Kaalinsabay nito ang panukala para sa proyektong pangkabuhayan na

*(Sundan sa pahina 2)*

## Nasa Loob


'Glenda' sa Camnorte: Walang nasawi, distroso sa pananim atbp umabot sa P173.60 M p2
Museo inayos, bagong gusali itatayo p2
Disabled rumampa, sumayaw... p3
Bilang ng namamatay sa panganganak, dapat mabawasan p3
Subukan ng tatag sa Youth Leadership Training p3
Inihahanda Radio Script para sa kampanya laban sa human trafficking p3
Happy Birthday Gov. Egay p4
Mga piling larawan p5
Provl tech-dev't farm idineklarang agri-tourism destination p7
Land use plan ng Basud, aprobado na p7


# Tuluy-tuloy daloy ng proyekto sa Capalonga; Old Camp Bridge pinasinayaan

Ang *Bridge Construction Project* sa Brgy. *Old Camp* sa bayan ng Capalonga ay pinasinayaan noong Hulyo 2014 kasabay ng pagsasagawa roon ng *multi-services caravan*, gayon din sa Alayao at Magsaysay na mga karatig na barangay.

Nagmula sa *Office of the Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP)* sa ilalim ng *Programang Payapa at Masaganang Pamayanan o PAMANA* ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* ang pondo samantalang ang pamahalaang probinsyal ang nangasiwa sa pagpapagawa ng nasabing tulay sa pamamagitan ng *Provincial Engineer's Office (PEO).*

Kasabay nito, pinabasbasan din ni Gob. Tallado ang bagong ambulansya na nagkakahalaga ng P1,485,000.00 na mula sa pondo ng pamahalaang panlalawigan. Maaaring idestino ang ambulansiya sa *Capalonga Community Hospital* na nasa ilalim ng pamamahala ng pamahalaang panlalawigan. Sabayan ding isinagawa ang *multi-services caravan* sa mga barangay ng *Old Camp*, Alayao at Magsaysay.

Ang mga nasabing makabuluhang gawain ay itinakda sa kaarawan ni

*(Sundan sa pahina 7)*



Nagkakahalaga ng P20 milyon piso ang proyektong tulay na ito sa Brgy. Old Camp na pinasinayaan sa kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado noong Hulyo. *(photo by L. Querubin)* Ang mga larawan ng pasinaya sa pahina 5 .

# Pwede pang tumakbong gobernador sa 2016 si Gob. Tallado

## COMELEC at DILG pareho ang opinyon

Isang magandang regalo sa kaarawan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa Hulyo 9, ang natanggap niyang liham kamakailan mula sa *Legal Unit* ng *Department of the Interior and Local Government Regional Office V* at ng *COMELEC Law Department*-Intramuros, Manila na nagbigay ng kanilang opinyon na pwede pa siyang tumakbo bilang punong lalawigan sa darating na *2016 national and local elections.*

Sa liham tugon ni *Acting LGOO VIII Atty.* Arnaldo E. Escober Jr. ng *DILG ROV* kay Gob. Tallado, sinabi nito na halos 2 buwan lang nakaupo sa pwesto si Gob. Tallado na hindi maituturing na isang termino. Susog aniya ito sa Abundo *vs* Comelec ***(GRN 201716, 08 January 2013)***, kung saan binigyang-diin muli ng Korte Suprema ang *three-term limit rule* na hinihingi ang mga sumusunod:

***That the official concerned has been elected for three consecutive terms in the same local government post, and;***

***That he has fully served three consecutive terms.***

Ito rin ang ginamit

*(Sundan sa pahina 4)*


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 'Glenda' sa Camnorte: Walang nasawi, distroso sa pananim atbp umabot sa P173.60 M

**WALANG nabuwis na buhay sa pagdaan ng bagyong Glenda noong Hulyo 15 sa Camarines Norte.**

"Bagama't maraming pananim ang nasira at malaki-laki rin ang napinsalang mga imprastraktura, dapat nating ipagpasalamat na dito sa Camarines Norte ay walang nasawi sa pananalasa ng bagyong Glenda," pahayag ni Gob. Egay A. Tallado sa Radyo ng Bayan (RnB)-Daet.

Mabilis ang naging tugon ni Gob. Tallado sa paghingi ng ayuda ng mga *evacuees*. Libu-libong pakete ng mga *relief goods* ang agad na ipinamahagi habang ang lahat ng mga sasakyan ng gobyerno probinsyal ay naghahatid ng mga mamamayan na nasa peligrosong lugar papunta sa iba't-ibang *designated evacuation centers*.



**POST ASSESSMENT - Masiglang nagpulong ang *Provincial Disaster Risk Reduction Management Council*, 3 araw matapos ang bagyong Glenda kung saan nalahad ang naging mahahalagang aksyon ng *PDRRMO* at mga *MDRRMO* na nakatulong upang maiwasan ang grabeng sakuna at panganib na dala ng bagyo. Sa kabuuan, nabatid na ang buong Camarines Norte, simula sa pamahalaang probinsiyal, munisipal hanggang barangay ay nagpakita ng kahandaan. Si Bise Gob. Jonah G. Pimentel (nasa dulong kanan sa ibaba) ang nagpadaloy ng pulong.**

Halos walang tulog at pahinga ngunit hindi inalintana ng butihing gobernador ang pagod habang nasa kalakasan ang bagyong Glenda. Matiyaga niyang inantabayanan ang mga ulat na ipinaparating sa kanya mula sa iba't-ibang panig ng probinsya na isinahimpapawid naman ng RnB na walang patid sa pagbabalita tungkol sa kaganapan sa bagyo.

Ayon sa *damage report* ng *Provincial Disaster and Risk Reduction Management Office (PDRRMO)*, umabot sa P173,600,416.00 ang halaga ng pinsalang iniwan ni Bagyong *Glenda* sa *social, agriculture* at *infrastructure sectors.*

Sa kabuuang bilang ng mga *evacuees:* 116,507 na indibidwal (28,452 pamilya), pinakamarami ang mula sa bayan ng Daet, pumangalawa ang Labo, pangatlo ang Jose Panganiban at pang-apat ang Paracale batay sa *PDRRMO report*.

Sa tatlong indibidwal na iniulat na nasugatan, isa ay dahil sa pagtama ng kidlat, isa ang nabagsakan ng sanga ng puno, at ang isa ay nadulas, dagdag pa ni *Acting PDRRMO* Arnel S. Ferrer

***Prompt Reporting***

Sa ulat ni G. Arnel Ferrer, *Acting PDRRMO*, ang Camarines Norte ang pinakaunang probinsiya sa rehiyong bikol na nakapagsumite ng ulat sa *regional office* ukol sa bagyo. Unang araw pa lamang ay sinuguro na ang *internet connection* sa itinatag na *command center* sa tanggapan ng gobernador

***State of calamity***

Kaagad umaksyon ang Sangguniang Panlalawigan at idineklara ang *state of calamity* sa lalawigan isang linggo makaraang manalasa ang bagyong Glenda batay sa kahilingan ni Gob. Tallado.

Sa pamamagitan ng *mass motion* ay mabilis na naipasa ang *Resolution No. 339-2014* na may titulong, *"A Resolution Declaring the Province of Camarines Norte Under the State of Calamity"* noong Hulyo 23, 2014.

Dahil sa naturang deklarasyon, maaaring makatanggap ng ayuda ang probinsya mula sa pamahalaang nasyonal para mabilis na makabangon mula sa pananalasa ng bagyong nagdaan. Nakinabang din dito ang mga kwalipikadong mamamayan sapagkat nakakuha sila ng *calamity loan* na ipinagkaloob ng mga kaukulang ahensya ng pamahalaan na may mababang interes lamang.

***Brownout***

Dahil sa napakaraming natumbang mga poste, naputol na linya, at mga nasirang kable ng *National Grid Corporation of the Philippines (NGCP)*, ang gabi sa malaking bahagi ng Camarines

*(Sundan sa pahina 4)*

# Museo inayos, bagong gusali itatayo



**Si *Rev. Fr.* Andrei Uy ng *St. John the Baptist Parish*, Daet (nakaabito) habang nagbabasbas sa Museo Bulawan habang ginigiya ni Abel Icatlo (nasa dulong kaliwa) na tumatayong pangkalahatang tagapamahala ng museo.**

Ang Museo Bulawan na matatagpuan sa *ground floor* ng *Centennial Building (Provincial Library)* ay binasbasang muli noong Hunyo, 19 matapos na ito ay muling isinaayos at pinaganda.

Isinagawa ito bilang bahagi ng selebrasyon sa paggunita noong Hunyo 19 ng ika-153 taong anibersaryo ng kapanganakan ng ating pambansang bayani na si Gat Jose P. Rizal.

Magugunitang sa katulad na araw ay idinaos ang isang *commemorative program* na itinaguyod muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamumuno ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pakikipagtulungan ng *Knights of Rizal* pinamumunuan ni G. Herminio Panotes.

Napag-alaman din na isang bagong museo ang itatayo sa liwasan ng bayani malapit sa unang bantayog ni Rizal dito sa Daet upang mas maging malawak ito at makatawag pansin sa mga lokal at dayuhang turista. ***Aida B. Pandegua / Jing Arriola-Calimlim***

# matutupad na panukalang...

**(Mula sa pahina 1)**

coco geonet sa bayan ng Sta. Elena para ngayong 2014 na nangangailangan ng pondong P10 milyon.

Sa 2015, kung ang iba pang panukala ni Governor Tallado ay maaprubahan ng *RPAB*, magkakaroon pa ng *expansion* ng *access road* at *coco geonet* sa iba pang lugar dito sa Camarines Norte.

Ang *Provincial Program Management and Implementing Unit (PPMIU) for PRDP* ay itinatag sa bisa ng *Executive Order No. 201428* ni Gob. Tallado na siyang titiyak sa maayos na takbo ng proyekto simula sa paghahanda ng mga kailangang dokumento, susubaybay sa pasimula ng implementasyon hanggang matapos ang nasabing kalsada, at mga kasunod pang proyekto sa ilalim ng *PRDP*.

Ang *PPMIU for PRDP* ay nahahati sa 5 malalaking gawain: *Provincial Planning and Devt. Office* para sa ***I-PLAN***; *Provl. Engineering Office (PEO)* para sa ***I-BUILD***; *Office of the Provl. Agriculture* para sa ***I-REAP***; at ang *Office of the Provl. Administrator* para sa ***I-SUPPORT** components*, at idinagdag ang *LGU Provl. Environment and Natural Resources Office (LGU PENRO)* para sa *Social and Environmental Safeguard (SES)*.

Ang *I-PLAN* ay tumatayo sa akronim na *Investments in Agriculture and Fishery Modernization Plan (AFMP); Intensified Building Up of Infrastructure and Logistics for Development (I-BUILD); Investments in Rural Enterprises and Agriculture and Fisheries Productivity (I-REAP)*, at *Implementation Support to PRDP (I-SUPPORT).*

Ang hepe ng nasabing mga tanggapan ang kasama ni Gob. Tallado sa ginawang *presentation* sa *Villa Caceres* gaya nina *Provl. Engr.* Cesar C. Paita; *Prov'l. Planning & Devt. Coordinator* Elena B. Austria; *Acting Provincial Agriculturist* Francia Pajares; *Prov'l. Environment Officer Engr.* Leopoldo P. Badiola; *Acting Prov'l. Assessor* Virgilio Tuazon, at iba pang *support staff* mula sa *PPDO* at *PEO.* ***Jing A. Calimlim/teody licarte***

# Disabled rumampa, sumayaw...

## NDPR Week 2014

Nakakatuwang pagmasdan; nakakagaan ng damdamin; nagbibigay pag-asa – ito ang iba't-ibang pahayag ng mga nakasaksi sa *head-dress competition* at *fashion show* para sa mga *persons with disability (PWDs)* noong Hulyo 22, 2014.

Taun-taon tuwing buwan ng Hulyo ay maigting ang pakikiisa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pagdiriwang ng *National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week*. Iba't-ibang gimik ang isinagawa ng *Provincial Social welfare & Development Office (PSWDO)* upang maging kalugod-lugod at memorable ang pagdiriwang para sa mga *PWDs*. Ayon kay *Acting PSWD Officer* Cynthia R. dela Cruz mas higit na layunin nitong hikayatin ang komunidad na bigyang-halaga ang sektor na ito at iparamdam sa kanila na tanggap at mahalaga sila sa pamayanan.

Patok na patok ang programa ngayong taon. Rumampa ang ilang *PWDs* sa kanilang *sportswear*, *casual wear* at *formal wear.* Nanalo bilang best in *sports wear* si Jean Rusciel Vega at Johnson Balia; si Richiel Sabalboro at Mark Ainsrey Palmero bilang *best in casual attire* at sina Shaina Marie Yarte at Adrian Asis bilang *best in formal attire.*

Mayroon ding *cheer dance competition* na ang mga nanalo ay Daet *SPED Center (1st place)*, Abaño *Deaf School (2nd place)* at Labo *SPED Center (3rd place)*.

Naglaan naman ng premyo si Gob. Edgardo A. Tallado sa mga nagwagi sa nasabing patimpalak gayundin sa iba pang tumanggap ng *special awards* tulad ng Labo *SPED Center na pinangalanan* bilang *most friendly*, Jose Panganiban *Elementary Sch.– most supportive* at Abaño *Deaf School– most artistic*.

Nanalo naman bilang *Most cooperative* ang F. Baldovino *Elem. Sch.*, Dioneda's *Special Sch.* at Labo *Science High Sch. Most inspiring* naman ang Gonzalo Aler *National High Sch.*, Moreno *Integrated High Sch.*, Sta. Elena at Jose Panganiban *National High School.*

(Sundan sa pahina 4)



*Nanalo ang mga mag-aaral ng F. Baldovino Elementary School bilang Best in Headdress Competition na isinagawa noong Hulyo 22 bilang bahagi ng pagdiriwang dito ng National Disability Prevention and Rehabilitation Week. (photo by PSWDO)*

# Bilang ng namamatay sa panganganak, dapat mabawasan

NAGING makabuluhan ang unang *convention* ng *Community Health Team Partners* dito sa Camarines Norte na isinagawa noong Hulyo 28, 2014 sa pagtataguyod ng Kagawaran ng Kalusugan at gobyerno probinsyal.

Napuno ng mga *volunteer health workers* at *health officials* mula sa *Department of Health* at *Provincial Health Office*, at *local government officials* ang *Sports Center* sa ginanap na pagtitipon.

Target ng pamahalaan na maibaba sa 52/1000 ang bilang ng mga namamatay na ina sa panganganak. Ito ang ipinahayag ni Dr. Arnulfo Carandang, *Family Cluster Coordinator* ng *DOH regional office* sa Bicol na tumayong panauhing pandangal sa okasyon.

"Kailangang ibaba natin sa 52 ang *maternal deaths* sa bawat 1,000 nanganganak; ang tanong: kaya ba nating gawin ito?" wika ni Dr. Carandang sa mga nakikinig na *volunteer health team partners*.


Hinimok ni Dr. Carandang ang mga *health team partners* na sundin ang tagubilin na kapag may senyales ng panganib sa ina ay kaagad na isangguni ito sa doktor. "Bisitahin din ang mga *households* na may buntis minsan isang buwan," dagdag niya.

Samantala, binigyang-pansin ni *DOH Provincial Officer* Dr. Joy Iraola ang kalagayan ng mga *health team partners* na aniya'y naglilingkod na boluntaryo at nabibigyan lamang ng kaunting *honorarium*.

"Pwede marahil tayong humingi ng kaunting ayuda mula sa *provincial government*," sabi ni Dr. Iraola.

Sa kabilang dako, sinabi ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel na siyang kumatawan kay Gob. Egay Tallado sa kumbensyon, na pinakamalaki ang bahagi ng serbisyong pangkalusugan sa badyet ng probinsya para sa kasalukuyang taon. Tiniyak naman ni Bokal Renee Herrera na patuloy siyang kikilos sa Sangguniang Panlalawigan upang mabigyan ng pansin ang mga pangangailangan ng mga *volunteer health workers.* ***(RMVito- Communication Liaison)***

# Subukan ng tatag sa Youth Leadership Training



***Nag-i-enjoy ang mga kabataan sa team building exercise na ito na bahagi ng Leadership Training Seminar na regular na aktibidad ng Provincial Youth Affairs Office.***

Umarangkada na naman ang *Provincial Youth Affair's Office (PYAO)* para sa gawain nitong *Leadership Training-Seminar for Youth.*

Noong Hulyo 11-13 ay nagsagawa muli ito ng nasabing pagsasanay para sa *Batch 8* kung saan dumalo ang may 75 kabataan mula sa Brgy. 7, Daet at Brgy. San Jose Talisay.

Ang *leadership training* ay isinagawa sa Boma *Campsite* sa Brgy. Mampurog, San Lorenzo Ruiz na angkop sa *Survival Training* na bahagi ng nasabing pagsasanay. Ang mga kalahok ay natutulog sa *tent* at ang hinahain at pinagsasaluhang pagkain ay mga gulay na matatagpuan sa lugar ng *training*.

Naka-iskedyul na rin sa Agosto 15-17 ang *Batch 9* ng *training* na ang iniimbitahang kabataan ay mula naman sa tatlong barangay sa bayan ng Labo: Talobatib, Gumamela at Kalamunding.

Matatandaan na ang *LTS* for *Batch 1* ay isinagawa noong Hulyo 2013 at tuloy-tuloy ito. Naitalang umabot na sa 502 kabataan ang kabuuang nakilahok sa naturang gawain simula *Batch 1–Batch 7* na may 40-50 kalahok bawat *batch.*

Ang proyektong ito ng *PYAO* sa pamamahala ni G. Mariano E. Palma ay alinsunod sa direktiba ni Gob. Edgardo A. Tallado na pagyamanin ang *leadership potentials* ng mga kabataan. ***JAC***

# Inihahanda Radio Script para sa kampanya laban sa human trafficking

Dumalo ang ilang kawani ng Radyo ng Bayan (RNB) at ilan pang kinatawan ng piling tanggapan ng pamahalaang panlalawigan sa *Radio Script Writing Workshop & Theater Arts* na ginanap noong 31 Hulyo 2014 sa Kapitolyo.

Ito ay itinaguyod ng *United Nations Population Fund (UNFPA)* at *National Anti-Poverty Commission (NAPC)* upang makalikom ng mga *scripts* at/o artikulo ukol sa *human trafficking* na maaaring magamit sa radyo, telebisyon at *social media* para sa kampanya na mapuksa at wakasan ang pagkakalakal ng tao.

Si Ma. Carolina Bello mula sa *National Anti-Poverty Council* ang naging tagapagturo. Nasubok ang kakayahan ng mga dumalo sa *workshop* na ang *output* ay ang kanilang isinulat na *scripts.* Iniakto nila ito at ini-*record* din. Dito pipiliin ni Bello ang magagamit na materyal para sa *anti-human trafficking advocacy*.

Ang nasabing gawain ay resulta ng *planning meeting* noong Nobyembre 6, 2013 ni Bello sa mga kinatawan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte kung saan pinag-usapan ang layuning paigtingin ang implementasyon ng komprehensibong serbisyo para sa kababaihan.

Doon din ay Iminungkahi ni *Acting PIO/Community Affairs Officer IV* Jing Arriola-Calimlim na gamitin ang Radyo ng Bayan (RNB) para sa adbokasiya sa kababaihan, isa na ang kampanya laban sa *human trafficking*. ***JAC***

# Happy Birthday Gov. Egay



*MAKE A WISH – Kasama ang kanyang pamilya, masayang ipinagdiwang ni Gob. Egay Tallado ang kanyang kaarawan noong Hulyo 9, 2014 sa isang salo-salo sa kanilang tahanan sa Labo na dinaluhan ng napakaraming nagmamahal at sumusuporta sa kanya.*




Hindi rin nagpahuli sa pagbati ang ilang kasapi ng multi-services caravan team hawak ang banner ng pagbati mula kay Vice Mayor Arguelles ng Capalonga.



*MINI-CAKE for a BIG WISH - Ang Governor's Office Staff ay may sorpresa ding seremonya na inihanda sa tanggapan ni Gob. Egay A. Tallado.*



*Iniwan sandali ng mga jail guards at security services ang kanilang mga pwestong binabantayan upang mabati ang gobernador. Bukod sa kanila ay marami pang pribadong indibidwal, mga brgy. officials, mga kawani ng national government agencies and GOCC's ang nagtungo sa tanggapan ng gobernador para bumati sa kanyang kaarawan.*



*Happy Birthday Gov. Egay from PIO/Community Affairs Office, Provincial Library, Radyo ng Bayan, Museum & Archives Division, PYAO, Sports Office, etc.*



*Ang mga opisyal at kawani ng mga Tanggapan sa kapitolyo at iba pang mga sangay sa labas ng Kapitolyo ay personal ding bumati kay Gob. Egay sa kaarawan nito. Nasa larawan ang mga empleyado ng Provincial Assessors' Office.*

# Pwede pang tumakbong gobernador...

*(Mula sa pahina 1)*

na batayan ni *Atty.* Esmeralda Amora-Ladra, *CESO IV, CEO VI, Director IV* ng *COMELEC Law Department*-Intramuros, Manila sa pagbibigay niya ng opinyon na si Gob. Tallado ay pwede pang tumakbo bilang punong lalawigan sa darating na *2016 national and local elections.*

Sa desisyon ng Korte Suprema sa kaso ni Mayor Abelardo Abundo, hindi kinunsidera ng Korte Suprema na isang termino ang pagkakaupo ni Abundo sa pwesto sa huling 13 buwan ng ikalawa sana niyang termino matapos siyang iproklamang nanalo sa *election protest.* Ang kalaban niya na unang naiproklamang panalo ng *board of canvassers* ay nakapagsilbi sa loob ng unang 23 buwan ng termino.

Katulad din ito ng nangyari kay Gob. Tallado na nakaupo lamang sa pwesto sa loob ng halos 2 buwan kaya malinaw na hindi niya nakumpleto ang 3 taong termino lalo na at mas mahaba pa ang itinagal sa pwesto ng kanyang nakatunggali na tumagal ng halos 2 taon at 10 buwan.

Dahil dito, kwalipikado pang tumakbo si Gob. Tallado sa darating na *2016 elections* na magiging ikatlong termino niya sakaling muli siyang mahalal sa pwesto. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jing a. calimlim***

# Glenda sa Camarines...

*(Mula sa pahina 2)*

Norte ay binalot ng kadiliman. Ngunit makalipas ang 4-5 araw, kaagad na naibalik ang elektrisidad sa mga sentro at poblasyon ng bawat munisipalidad.

Sa kabilang dako, puspusan naman ang ginawang pagkilos ng *Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO)* kaya sa lalong madaling panahon ay naibalik agad ang serbisyo ng kuryente sa buong lalawigan.

### *Good work*

Agad namang nagpasalamat si Gob. Tallado sa aniya'y mabilis at mabisang pagganap ng iba't-ibang tanggapan ng gobyerno probinsyal para matulungan ang mga mamamayang naapektuhan ng bagyo.

Sang-ayon sa kanya, pinatunayan ng lahat na sangkot sa *disaster preparedness, rescue, emergency response, social welfare*, at *communication services* na handa sila at sapat ang kaalaman para mabigyan ng proteksyon at sumaklolo sa mga mamamayan lalo na sa oras ng pangangailangan. ***(RMVito-Media Communication Liaison)***

# Disabled rumampa...

*(Mula sa pahina 3)*

Ang *NDPR Week*-simula Hulyo 17-23 ay nakasentro sa tema ng selebrasyon ngayong taon na, "Talino at Paninindigan ng Taong may kapansanan, Pasaporte sa Kaunlaran".

Gaya nang dati, nagtapos ang 1-linggong selebrasyon dito noong Hulyo 23 na petsa ng anibersaryo ng kapanganakan ng isa pang bayani ng bansa na si Apolinario M. Mabini na tinaguriang 'Dakilang Lumpo' o 'Dakilang Paralitiko'. ***JAC***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

**EXECUTIVE EDITOR:** JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:** Lorena T. Ibasco

**LAYOUT:** Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER**: Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION**: Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua, Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer
**PENRO**-Teody L. Licarte
**PEO** -Jeremias Ibana
**PHO**-Marino Abogado
**PPDO**-Marilyn P. Asis
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra
**SP**-Josephine Q. Badong

# Mga piling larawan







**3 in 1 PROJECTS** – Ang pagpapasinaya at pagbabasbas ng *Bridge Construction Project* sa Brgy. *Old Camp,* Capalonga; ang isang bagong ambulansya para sa *CNPH* at Capalonga *Medicare Community Hospital,* at ang paghahatid ng *Multi-Services Caravan services* sa mga Barangay ng Alayao, Old Camp at Magsaysay sa bayan ng Capalonga ay isinagawa noong Hulyo 9, 2014 sa kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang simbolo ng kanyang tuloy-tuloy na masigasig na paglilingkod sa lalawigan ng Camarines Norte.




*GAINS of ARCP - (mula kanan) DAR Cam. Norte-PARO II Rocelle Olayre, DAR Asst. Regional Director G. Rodrigo Realubit, Provl. Admin Joey G. Boma, Gob. Edgardo A. Tallado, at mula sa ADB na sina Ms. Marsha Lorenzo, team leader, Gadontar Setburt Arlan at Delan Senders sa kanilang assessment sa mga ibinungang benepisyo ng ARCP 2 sa agrarian communities dito sa Camarines Norte.*



*Buong pwersa na dumalo sa pagtitipon ang ahensya ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa pangunguna ni G. Rodrigo Realubit, DAR Asst. Regional Director for Operations at DAR Cam. Norte-PARO II Rocelle Olayre at PARO I Camilo Del Monte. Dumalo rin dito ang mga Municipal Agrarian Reform Officers (MAROs) ng Vinzons, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Labo, Paracale, Jose Panganiban at Basud.*

## PRESENTATION & REVIEW OF PRDP PROJECTS



*Si Prov'l. Engineer Cesar Paita, Prov'l. Planning & Devt. Coordinator Elena B. Autria at Gob. Edgardo A. Tallado bago ang presentation sa RPAB ng panukalang Pinagwarasan-Lanot road noong Hulyo 30, 2014 sa Villa Caceres, Naga City.*



*Si Gob. Tallado (nasa gitna) habang kausap si Engr. Paita at mga myembro ng PPMIU na sina (mula dulong kanan) Acting Provl. Assessor Ding Tuazon, PG PENRO Engr. Pol Badiola, Acting Provincial Agriculturist Francia Pajares, Engr.Sally Yanto (dulo kaliwa) at iba pa.*

## SANGGUNIANG PANLALAWIGAN TEAM BUILDING



*TIME-OUT NOT - Sabi ni Bise Gob. Jonah Pimentel - hindi pasyal kundi trabaho pa rin ang pagpunta nila sa Calaguas Island. Doon idinaos ang regular sesyon noong bakasyon upang makita ang dagsa ng tursita para sa kanilang binabalangkas na Ordinansa para mapangalagaan ang naturang lugar at iba pang tourist spots sa probinsya. (ibabang larawan) Nag-ii-enjoy sa team building activities sina Bokal Pamela Pardo, Bokal Erwin Lausin, SP Sec. Reby Cuaño, Bokal ABC Pres. Ramon Baning at Bokal Tess Malubay.*



## NAT'L. DISABILITY PREVENTION & REHABILITATION WEEK



*WOULD YOU BELIEVE - Sino ang agad na makapagsasabi na ang mga kabataang ito na nagpakitang-gilas sa pagrampa sa isang fashion show ay may mga kapansanan pala? Bahagi ito ng pagdiriwang ng 2015 NDPR Week na itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan taun-taon tuwing Hulyo 17-23.*



# Asian Dev't. Bank nagtatanong sa pagbabagong ...



*Sa Mid-term Review ng Asian Development Bank ay napag-alaman na nakikipagkalakalan na sa Agri-Pinoy Trading Center ang isa sa mga Agrarian Reform Beneficiaries Organizations (ARBOs) dito, ang Batobalani Agrarian Reform Cooperative (BARCO). Nagpakuha ng larawan ang BARCO kasama ang ADB Review Panel na nasa gitnang bahagi. (photo by L. Querubin)*

*(Mula sa pahina 8)*

ang tsismisan ng mga kababaihan dahil mayroon na silang pinagkakaabalahan."

Ang halos lahat na nagsalita na kinatawan ng mga *ARBOs* ay nag-pahayag na sana ay may susunod pa o *ARCP 3*.

"Lahat kami ay nagsisikap; kailangan pa namin ng pondong kapital at baka yumaman na kami", tugon ng isa sa kanila sa tanong ng *ADB* kung bakit sinasabi nila na dapat ay may *ARCP 3* pa.

Ayon sa *ADB Team*, ang pagtutuunan ng pansin ng *ARCP 3* ay alamin kung ang mga proyektong ipinatupad ay lubhang nakatulong. Tulad ng pagtaya kung ang kalsada ay naging daan para magbunga ng hanapbuhay, negosyo, kasiguruhan sa pagkain at pagtaas ng kita ng mga pamilya sa lugar ng proyekto.

Ilan pa sa mga naging katanungan ng *ADB Review Panel* ay ang mga sumusunod:

"Tinuruan ba kayo ng *EDCOP (Engineering and Development Corporation of the Philippines)* upang masiguro na dekalidad ang pagkakagawa ng kalsada?". Ang sagot ni Punong Barangay Gregorio Octa ng Daguit, Labo - " Maayos po ang pagkakagawa ng 1.5 *km. road* sa aming barangay. Tiningnan 'yan ng aming samahan, tama sa sukat, laki, kapal at timpla ng semento. Nakaharap nila ang inhenyero mula sa *EDCOP*, na nagsubaybay sa proyekto.

"*Involved* o nakikiisa ba kayo dito sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)*?" Ang sagot ng *Batobalani Agrarian Reform Cooperative (BARCO)* ay nagsisimula na silang magdala ng produkto sa *APTC*. Dati rin ay problema kung saan nila dadalhin ang kanilang mga ani ngunit dahil sa *APTC*, natuldukan ang kanilang alalahanin.

Buong pwersa rin na dumalo sa pagtitipon ang mga taga- *Department of Agrarian Reform*. Sa panig ng *Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)* ay kasamang dumalo ni Gob. Tallado si *Acting Provincial Agriculturist* Francia Pajares, *Acting Provincial Information Officer* Jing A. Calimlim at ang *Local Finance Committee* na kinabibilangan nina *Provincial Treasurer* Lorna Coreses, *Provincial Accountant* Myrna Sendon, *Provincial Budget Officer* Mercedes Alfuerte at *Provincial Planning and Development Coordinator* Elena B. Austria. ***JING ARRIOLA-CALIMLIM***

## ARCP II Approved Rural Infrastructure Sub-Projects

| MUNICIPALITY | SUB-PROJECT TYPE | NO. | SCOPE | UNITS | AS-BID COST |
|---|---|---|---|---|---|
| District 1 | | | | | |
| Paracale | Road | 7 | 18.26 | km. | 107,120,793.62 |
| | PWS | 2 | | units | 4,592,711.33 |
| | MPB | 1 | 96.00 | sq.m. | 1,812,520.56 |
| | Day Care Center | 2 | 90.00 | sq.m. | 1,481,036.57 |
| | Health Center | 1 | 42.00 | sq.m. | 575,052.20 |
| | Solar Dryer | 2 | 493.00 | sq.m. | 362,971.05 |
| | | 15 | | Sub-Total : | 115,945,085.33 |
| Labo | Road | 9 | 9.82 | km. | 66,985,931.13 |
| | PWS | 1 | | unit | 2,772,422.95 |
| | MPB | 1 | 96.00 | sq.m. | 1,812,520.56 |
| | Day Care Center | 1 | 56.00 | sq.m. | 900,211.78 |
| | Health Center | 1 | 50.40 | sq.m. | 1,423,557.00 |
| | Solar Dryer | 2 | 900.00 | sq.m. | 994,380.42 |
| | Warehouse | 1 | 528.00 | sq.m. | 3,142,710.15 |
| | | 16 | | Sub-Total : | 78,031,733.99 |
| Capalonga | Road | 1 | 4.563 | km. | 11,534,193.26 |
| | | 1 | | Sub-Total : | 11,534,193.26 |
| Jose Panganiban | Road | 6 | 14.08 | km. | 85,955,144.73 |
| | | 6 | | Sub-Total : | 85,955,144.73 |
| District 2 | | | | | |
| *San Lorenzo Ruiz | Road | 5 | 7.87 | km. | 42,613,969.78 |
| | MPB | 1 | 96.00 | sq.m. | 1,811,509.56 |
| | Day Care Center | 3 | 144.00 | sq.m. | 207,4005.00 |
| | Solar Dryer | 1 | 450.40 | sq.m. | 479915.33 |
| | | 10 | | Sub-Total : | 46,979,399.67 |
| * Basud | Road | 9 | 9.83 | km. | 56,780,420.34 |
| | PWS | 1 | | unit | 2,093,245.29 |
| | Solar Dryer | 2 | 1450.00 | sq.m. | 2,157,988.20 |
| | Warehouse | 1 | 312.00 | sq.m. | 4,127,518.77 |
| | | 13 | | Sub-Total : | 65,159,172.60 |
| Vinzons | Road | 4 | 5.83 | km. | 34,221,913.31 |
| | Irrigation System | 1 | 2.15 | km. | 22,343,466.75 |
| | MPB | 1 | 96.00 | sq.m. | 1,701,249.40 |
| | | 6 | | Sub-Total : | 58,266,629.46 |
| | | | | GRAND TOTAL : | 461,871,359.04 |

# ADB sasali sa ...

*(Mula sa pahina 8)*

opisyal mula sa *ADB* na si *Delan Senders* sa pagsasabing, *"This is a good place to work"*.

Bumisita kamakailan sa lalawigan ang *Asian Development Bank (ADB) panel* noong Hulyo 2, 2014 para sa *mid-term review* ng *Second Agrarian Reform Community Project (ARCP 2)* na ginanap sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)*.

Matapos ang pakiki-pagtalakayan sa mga *Agrarian Reform Beneficiaries Organization (ARBO)* ay nagsagawa rin ng hiwalay na pulong sa tanggapan ni Gob. Tallado.

Sa ulat ni *Engr.* Jhonny Enova, *Asst. Provincial Engineer*, sinabi niya na walang naging problema sa implementasyon dito. Sa 52 proyekto dito na nasa ilalim ng pamahalaang panlalawigan, karamihan ay 80-90% na ang natatapos; 14 *sub-projects* na ang natapos at nai-*turnover* na sa mga kaukulang barangay; 17 na ang nakalinya na rin para i-*turn-over*.

Samantala, ang ginagawang kalsada sa Bactas ay nababalam naman dahil ang 25% o P7 milyong pondo nito ay magmumula sa *NALGU (National Government Assistance to Local Government Unit)*.

Ang *last release* ng pundo ng *NALGU* ay noon pang Setyembre 2013, ayon kay *Provincial Accountant* Myrna V. Sendon bagama't naka-pagsumite na sila ng *liquidation report* sa *DAR* at *Municipal Development Fund Office (MDFO)*. Wala namang di kanais-nais at negatibong ulat o *findings* mula sa *Commission on Audit (COA)* kaya naghihintay na lamang sila ng *feedback* mula sa *DAR*.

Nagbigay-payo naman si *Usec.* Bistayog na hindi dapat makuntento ang Tanggapan ng *Provincial Accountant* na walang pahatid-abiso ang mga kinauukulang ahensya. Kailangan nitong mag-*follow up* at magtalaga ng tao para sa mabilis at tamang koordinasyon.

Napag-alaman naman mula sa *DAR* na wala ng *NALGU fund* sapagkat ito ay mula sa *Disbursement Acceleration Program (DAP)*. Maaari naman daw gamitin ng *PGCN* ang *Performance-Based Grant System (PBGS)* nito upang punuan ang pondong baka hindi na maibigay pa ng *NALGU*.

Samantala, sa huli ay sinabi ni *Usec.* Bistayog na ang *APTC* ay kanilang pinag-aaralan na maging isang *collaboration* ng *DAR* at *PGCN*.

"Tutulong kami upang maging produktibo ang kalakalan," sabi naman ni Ms. Lorenzo sapagkat mas madali umano ang magpagawa ng bagong kalsada kaysa magpatakbo ng isang *agricultural enterprise* kaya dapat talagang tulungan ang *APTC*. Ayon pa sa kanya, kapag natapos na ang *ARCP* ay ito naman ang pagtutuunan nila ng pansin. ***J. CALIMLIM***

# hihintayin muna...

*(Mula sa pahina 8)*

matiyak ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng turismo sa mga isla ng Calaguas sa bayan ng Vinzons. Partikular na dito ang Mahabang Buhangin na ang kahabaan ng dalampasigan ay nagsisilbing daungan ng mga naglalakihang bangka at iba pang sasakyang-pandagat na nakasisira sa mga korales at mga damong-dagat tuwing inihahagis sa tubig ang mga angkla. Kinakatigan din ng gobernador ang pagkilos ng SP sa harap ng mga ulat na may ilang *resort operators* sa lugar na sumisingil ng mataas na *docking fee* na walang pasubali sa mga lokal na awtoridad o opisyal.

Matatandaan na bago ang pagpatibay sa naturang resolusyon, nagsagawa ng aktwal na obserbasyon sa lugar ang pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan. Nakipag-usap din sila sa mga lokal na lider, *resort owners, at tour operators* sa Calaguas *Islands* kung saan lahat ay nagpahayag ng kagustuhan at kahandaan na magkaroon ng *regulatory mechanism* para mahusay na mapangasiwaan ang mga *tourist-related activities* sa lugar. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ JCALIMLIM***

# Provl tech-dev't farm idineklarang agri-tourism destination

Patuloy ang pag-usbong ng *agri-tourism industry* sa iba't-ibang panig ng bansa kaya naman lubos na sinusuportahan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang inisyatibo ng Sangguniang Panlalawigan (SP) na isulong ang *Provincial Technology Development and Demonstration Farm (PTDDF)* para maging *agri-tourism destination* dito sa Camarines Norte. Ito ay nakapaloob sa SP Resolusyon Blg. 159-2014 na inihain nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at *SP Member* Pamela Pardo, at pinagtibay ng konseho.

Agad namang nanawagan ng suporta si Gob. Tallado sa lahat ng *tour operators* dito sa Camarines Norte na isama sa kanilang *tour packages* ang pagdadala sa mga lokal at dayuhang turista sa *PTDD Farm* na dating kilala sa tawag na Calasgasan *Seed Farm*.

Sinabi ng gobernador na napapanahon na para mamuhunan ang pamahalaang panlalawigan sa *agriculture tourism (agri-tourism) industry* lalo na at ang pagpapaunlad sa sektor ng agrikultura at turismo ay kabilang sa prayoridad ng kanyang administrasyon.



*Habang nasa PTDD Farm, ang mga bisita sa lalawigan ay maaaring direktang mamili roon ng mga aning pananim, mamitas ng prutas o gulay na bibilhin nila, magpakain sa mga alagaing hayop o kaya ay makita at/o maranasan ang paggawa ng mga value-added products mula sa mga aning pananim. (Photo by R. Belardo)*

Magugunita rin na ang Camarines Norte ang *host* ng *2nd Farm Tourism Conference* na ginanap dito sa Daet, Camarines Norte noong Mayo 14-16, 2014 na itinaguyod ng *Tourism Operation Office* ng Tanggapan ng Gobernador. Patunay ito na ang ating lalawigan ay naghahanda na para sa pagsusulong ng *agriculture tourism* dito sa Camarines Norte.

Una na rito ang *farm* na pinangangasiwaan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*. Ito ang *Provincial Technology Development and Demonstration Farm* na may kabuuang lawak na 32 ektarya kung saan ang 13.25 ektaryang bahagi nito ay nakalaan para sa *agricultural crop production* gaya ng palay, mais, mga gulayin sa *open field plots* at iba pang gulay sa *greenhouses* gaya ng *broccoli*, at iba pa. Natatamnan din ito ng mga *sexually propagated crops* katulad ng pili, *cacao*, santol, langka, rambutan, guyabano, *star apple*, mangga, marang, duhat, atis, *grafted pomelo*, *American lemon*, *varigated calamansi*, *budded* aranghita, kalamansi, *mangosteen*, at marami pang iba.

Matatandaan na naitayo ang *Calasgasan Seed Farm* na tinatawag ngayong *PTDD Farm*, sa ilalim ng isang kasunduan sa *Department of Agriculture (DA)*, na nagtatakda rito para pagtamnan ng iba't-ibang produktong pang-agrikultural. Magsisilbi rin itong *demonstration farm* para magamit ang mga *modern farming technology* na isasalin naman sa pamamahala ng mga magsasaka para mapahusay ang kalidad ng kanilang ani at mapataas ang produksyong pang-agricultural at mapataas ang kanilang kita. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Land use plan ng Basud, aprobado na

Kasunod ng pagka-aproba sa *Municipal Comprehensive Land Use Plan (MCLUP)* ng Basud; pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang SP Blg. 143-2014 na kumikilala sa pagsisikap ni Mayor Dominador S. Davocol, Jr. na mapa-aprubahan ang *MCLUP* ng *LGU* Basud.

Ang pagkakaroon ng isang aprobadong *MCLUP* ay isa sa mahahalagang mandato ng mga *local government units (LGUs)* na magsilbing gabay nila at ng pribadong sektor sa paglalatag ng direksyong pangkaunlaran at dapat na nakasalig sa *national*, *regional and provincial development framework plans* tungo sa pagabot sa lokal at pambansang mga mithiin. Ito ang magiging pangunahin at dominanteng batayan para sa panghinaharap na paggamit ng mga lokal na pinagkukunang-yaman at para sa reklasipikasyon ng mga lupaing pang-agrikultural. ***(This shall be the primary and dominant basis for future use of local resources and for reclassification of agricultural lands).***

Ang pangunahing konsiderasyon na dapat isaalang-alang ng *LGUs* sa paghahanda ng *MCLUP* o *City Comprehensive Land Use Plan (CCLUP)* ay ang pangangailangan para sa *food production*, *human settlements*, at *industrial expansion*.

Matatandaan na taong 1992 pa ipinag-utos sa mga *LGUs* na magkaroon ng aprubadong *MCLUP*, ngunit iilan pa lamang ang nakasunod dito.

Sa katunayan, sa 12 bayan dito sa Lalawigan ng Camarines Norte, tanging ang Vinzons at Basud pa lamang ang nakatupad sa naturang mandato.

Unang naaprubahan ang Vinzons *MCLUP* ilang taon na ang nakalilipas kaya kailangan na nitong magkaroon ng *updated MCLUP*. Samantalang ang Basud *MCLUP* naman ay naaprubahan noong Nobyembre 8, 2012 2012. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# tuloy-tuloy daloy ng proyekto sa Capalonga...

***(Mula sa pahina 1)***

Gob. Tallado na naging gawi na sa tuwing kaarawan niya ay nagpapasinaya ng proyekto kasabay ang pagdaraos ng *multi-services caravan* sapagkat nais niyang siya ang magregalo sa mga mamamayan ng Camarines Norte.

Sa mensahe ni Gob. Tallado ay ipinabatid niya sa mga mamamayan ng Capalonga na tumutulong siya kay Mayor Senandro Jalgalado sa pagpapaunlad ng Capalonga. Sinabi niya na marami ng proyekto ang kanyang administrasyon sa Capalonga. Kasama sa inaasikaso niya sa kasalukuyan ay ang pondo mula sa PAMANA para sa kalsada ng Villa Aurora-Villa Belen palabas sa Bulala, Sta. Elena. Ang Kalsada ng Alayao, Calabaca at Itok na pipilitin din niyang maisama sa *Philippine Rural Development Program (PRDP)*. Tatapusin din niya ang *covered court* ng Brgy. *Old Camp* na kalahati lang ang naipagawa ng dating *Congressman*.

"Asahan ninyong magtutuloy-tuloy ang dating ng proyekto dito sa inyong bayan, sabi pa ni Gob. Tallado.

Magugunitang sa kaarawan niya noong Hulyo 9, 2011 , sa unang taon ng kanyang unang termino bilang gobernador, pinasinayaan ang *one-storey building* sa *Labo District Hospital (LDH)*.

Isinagawa naman ang *switch-on of electrification project* noong Hulyo 29, 2012 sa malayong barangay ng Pag-asa sa bayan ng Labo bilang handog niya sa kanyang mga kababayan doon na matagal nang inasam na magkakuryente.

Ang *groundbreaking ceremony* ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* ay nasaksihan natin noong nakaraang taon sa araw pa rin ng kanyang kaarawan. Kamakailan ay binuksan na sa publiko ang *APTC* na siyang pinakamalaking sentro ng kalakalan ng mga produktong agrikultural dito sa Rehiyong Bikol. ***JingCalimlim***

**ILAN SA MGA MAJOR PROJECTS NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA CAPALONGA NA NAGMULA SA PONDONG PROBINSYAL/NASYONAL**

1. **Const of Crisis Center Cum Multi - Purpose Hall, Brgy. Poblacion,**
2. **Establishment of Tree Park and Management of Mangrove Area, Brgy. Catioan**
3. **Agro-Forest Planting of Mahogany Tree, Alayao**
4. **Construction od Bridge in Old Camp**
5. **Const of Multi-Purpose Building, Capalonga ES**
6. **Rehab of MP Building, Alayao**
7. **Rehab of MP Building, Torres-Talento Bldg, Old Camp**
8. **Const. of Drainage System, Magsaysay**
9. **Const. of MP Bldg, Magsaysay & Mataque**
10. **Const. of Evacuation Center (phase 2) Itok**
11. **Tuwid-tuwid Communal Irrigation System**
12. **Camagsaan-Malaki CIS**
13. **Cabibirok CIS**
14. **Rehabilitation of Capalonga Community Hosp.**

# Asian Dev't. Bank sinusuri ang pagbabagong dulot sa pamayanan ng agrarian reform projects

Nabago ba ang inyong buhay?, ito ang unang katanungan ni Ms. Marsha Lorenzo, *team leader* ng *Asian Development Bank* (ADB) Review Panel for ARCP2 in Camarines Norte nang bumisita sila dito noong Hulyo 2, 2014. para sa *mid-term review* ng *Second Agrarian Reform Community Project* (ARCP 2) na ginanap sa *Agri-Pinoy Trading Center*.

Ang *ADB team* ay binubuo ni Ms. Marsha Lorenzo, *team leader; Gadontar Setburt Arlan, Delan Senders* at Nelson Manjar. Ayon kay Marsha Lorenzo, bumisita sila upang alamin kung ang mga proyektong ipinatupad dito mula sa pondo ng *ADB* ay nakatulong upang bumuti ang buhay ng mga benepisyaryo at kung ano ang mga dapat pang gawin upang mas maging epektibo ang programa.

Sa *welcome message* ni Gob. Edgardo A. Tallado sa grupo ay dagdag niyang sinabi na "umaasa ako na may maganda silang balita at may bago na namang biyaya para sa Camarines Norte."

Positibo naman ang tugon dito ng mga *Agrarian Reform Beneficiaries Organizations (ARBOs)* na inanyaya-hang dumalo sa *mid-term review*. Ilan sa kanilang mga tugon ay ang mga sumusunod:

"Napakaganda ng *outcome*, napakalaking tulong, umangat ang aming kabuhayan. Dahil sa *farm to market road* ay mabilis nang nadadala ang aming mga produkto mula sa aming sakahan."

"Naiiwasan na rin

(Sundan sa pahina 6)



*Si Ms. Marsha Lorenzo (nakatayo), team leader ng ADB Review team sa kanyang pagtatanong sa mga dumalong kasapi ng Agrarian Reform Beneficiaries Organizations upang alamin kung bumuti ang kanilang buhay dahil sa ARCP 2 na ipinatutupad dito sa Camarines Norte sa pamamagitan ng pagtutulungan ng ADB, DAR at Provincial Government. (photo by L. Querubin)*

# ADB sasali sa Agri-Pinoy Trading Center, pinuri ang Prov'l. Govt sa maayos na implementasyon ng ARCP2

*"This LGU is quite compliant,"* ito ang impresyon sa administras-yon ni Gob. Edgardo S. Tallado sa pagpapatupad ng *Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP 2)*, ayon kay *Usec.* Rosalina Bistayog ng *Department of Agrarian Reform (DAR) Support Services* at *Project Officer for Foreign-Assisted Projects.*

Pinamunuan ni *Usec.* Bistayog ang pagpupu-long upang alamin kung maayos na naipatutu-pad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cama-rines Norte ang imple-mentasyon ng *ARCP*.

Samantala, si Ms. Marsha Lorenzo, *team leader ng Asian Development Bank (ADB)* ay nagsabi naman na malaki ang pagkakaiba ng Camarines Norte sa iba pang probinsya na may *ARCP*. Kinatigan naman ito ng isa pang

(Sundan sa pahina 6)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Hihintayin muna tourism dev't plan bago ang FLA sa Isla Calaguas

Hanggang ngayon ay patuloy pa rin ang walang patid na pagdating ng mga lokal at dayuhang turista na dumarayo sa Calaguas *Islands* sa ba-yan ng Vinzons. Mabuti ito sa ekonomiya ngunit nakababahala ito sapag-kat ang sobrang dami ng mga turista ay maaaring makasira sa likas-yaman ng lugar na posibleng magresulta sa maikling panahon ng pag-unlad ng ating lokal na tu-rismo.

Dahil dito, pinagti-bay kamakailan ng Sang-guniang Panlalawigan (SP) ang SP Resolusyon Blg. 240-2014 na humi-hiling sa *Department of Environment and Natural Resources* (DENR) sa pagsuspende nito sa pag-isyu ng *Foreshore Lease Agreement (FLA)* hang-gang pagkatapos na maaprobahan ang *Tourism Development Plan* at ma-pagtibay na ang kauku-lang *Regulatory Ordinance*.

Ginawa ito ng SP sa pangunguna ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel sapag-kat ang DENR ang sangay ng pamahalaang nasyonal na may mandato sa pagri-*regulate* at pag-isyu ng *FLAs* para sa sustinableng paggamit sa mga *foreshore areas* alinsunod sa *local development plans and regu-lations.*

Sinusuportahan na-man ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado ang inisyatibo ng SP sa layuning mapahusay at

(Sundan sa pahina 6)




*Si Bise Gob. Jonah G. Pimentel (nasa gitna) kasama ang Sangguniang Panlalawigan Members at mga kawani nang magtungo sila sa Calaguas para sa kanilang Team Building Activity, Regular Session, aktwal na obserbasyon sa lugar at pakikipag-usap sa mga resort owners, tour operators at opisyal ng mga barangay sa lugar na gagamiting basehan para sa pagbalangkas ng mga regulasyon at iba pang polisiya na ipapaloob sa panukalang Tourism Development Plan sa Calaguas at sa buong lalawigan ng Camarines Norte (photo by Michael Jade Tondo).*